


## Huhukayin at tatanggalin ng EPA ang lupa sa Factory Street

Ang Ahensya na nagpro-tekta ng kapaligiran ng Estados Unidos (US EPA) ay magta-tanggal o maghuhukay ng “lead” contaminated na lupa sa ilalim ng ibang bahagi ng kalye ng Factory Street na napapagitnaan ng King Street at Waterhouse Street. Ang projecto na ito ay magsisimula sa Oktubre at maaring matapos sa loob ng 3-4 na linggo. Ang Estado ng Hawaii (State of Hawaii) ay humingi ng tulong sa US EPA para malutas at matanggal ang lupa na mataas sa “lead” na matatagpuan sa ibang bahagi ng Factory Street. Ang EPA ay may plano na tanggalin o hukayin ang lupang may mataas na “lead,” palitan ng malinis na lupa at sementuhin ulit ang mga bahagi ng kalye na maa-pektuhan ng projecto.

### May mataas na “lead” ang ibang bahagi ng Factory Street

Ang “lead” ay isang heavy metal na karaniwang matatagpuan sa mga asensadong lugar. Gayun pa man, nalaman ng Estado ng Hawaii na mayroong hindi pangkaraniwang antas ng “lead” sa lupa ng ilang bahagi ng Factory Street na maaaring maging banta sa kalusugan ng mga tao. Ang kontaminasyon ng “lead” ay mula sa mga nakaraang gawaing komersyo sa lugar na ito. Ang kalye ay hindi maganda ang kondisyon, at walang naitalaga para sa pagpapanatili rito. Kung ang kalye ay patuloy na hindi -aayusin maaaring mas malaki ang banta at panganganib sa mataas na “lead” sa mga nakatira sa Factory Street.

Tatanggalin ng EPA ang banta sa kalusugan mula sa lupang kontaminado ng “lead.” Sa panahon ng proyekto, kaagad naming papalitan nang malinis na lupa ang anumang natanggal na lupa. Gayundin na, sisiguraduhin namin na ligtas ang publiko sa banta ng alikabok, lupa at dumadaloy na tubig mula sa proyekto na kontaminado ng “lead.”



**Figure 1:** Lokasyon ng Factory Street site

### Protektahan ang iyong pamilya mula sa “lead”

Para sa pangkalahatang impormasyon tungkol sa pagpapanatiling ligtas ang iyong pamilya mula sa banta ng “lead,” bisitahin ang Programa ng Hawaii para sa Pag-iwas sa Pagkalason ng “lead” mula Pagkabata: [www.lead.hawaii.gov](http://www.lead.hawaii.gov). Ganoon din na, maaari kang dumalaw sa aming informational booth sa panahon ng proyekto at kausapin ang isa naming manggagawa.

Kung nais mong gumawa ng karagdagang pag-iingat sa panahon ng proyekto, maaaring:

- isara ang mga bintanang nakaharap sa Factory Street sa mga oras ng trabaho sa proyekto;
- tanggalin ang mga sapatos bago pumasok sa loob ng bahay;
- laging hugasan ang mga kamay; at
- lumayo sa lugar ng trabaho sa panahon ng proyekto, kung maaari.

## Ang EPA ay magbibigay ng mga regular na balita patungkol sa proyekto

Sa panahong uumpisahan na namin ang proyekto, maglalagay kami ng informational booth sa o malapit sa Factory Street para sagutin ang inyong mga katanungan at para pakinggan ang inyong mga hinaing. Sa panahon ng proyekto, makikita ninyo ang mga regular na balita kung anong bahagi ng kalye ang kasalukuyang ginagawa sa:

- website ng proyekto: <https://response.epa.gov/FactoryStreet>;
- nakapaskil na malalaking mapa malapit sa lugar ng proyekto; at
- telepono: 888-232-9312

Ibibigay namin ang impormasyon na ito sa English, Tagalog, at Ilocano.

## Magiging sarado ang ilang bahagi ng Factory Street

Kung kinakailangan, maglalaan ang EPA ng lokal na dadaanan para sa mga miyembro ng pamayanan at mga mangangalakal. Bawat araw, gagawin namin ang ilang bahagi ng Factory Street. Sa mga oras ng trabaho, magtatalaga kami ng manggagawa na siyang kokontrol sa trapiko para matulungan na maging maayos ang daloy ng mga sasakyan at mga taong naglalakad. Ang aming layunin ay limitahan ang hindi maayos na kalagayan sa inyong pamayanan at panatilihin ang lokal na dadaanan kung maaari. Gayun pa man, maaaring hindi laging madali ang pagbibiyahe patungo/mula sa iyong tahanan o negosyo sa panahon ng proyekto. Asahan na magkakaroon ng ilang maliliit na antala sa iyong iskedyul at mga ingay ng konstruksyon sa panahon ng proyekto.

Kami ay nakikipagtulungan sa City/County Refuse Division, sa Honolulu Disposal Service, at sa U.S. Postal Service para masigurado na ang mga serbisyo ng basura at koreo ay magpapatuloy sa panahon ng proyekto. Kami rin ay nakikipagtulungan sa mga lokal na utilities para masigurado na hindi namin maaantala ang ilang utilities sa panahon ng proyekto.

Kami rin ay nakikipagtulungan sa mga lokal na opisyal para malaman kung maaari na kami ay makapagbigay ng overnight parking para sa mga miyembro ng pamayanan na apektado ng mga saradong kalye.

## Kailan ko aasahan na mag-uumpisa ang trabaho?

Ang trabahong ito ay mag-uumpisa sa Oktubre at matatapos sa loob ng 3-4 na linggo. Pinakamababa ang 2 araw bago mag-uumpisa ang konstruksyon, mag-iwan kami ng flyer sa iyong pintuan at maglalagay ng “no parking” signs sa pamayanan. Kami ay magtatrabaho mula Lunes hanggang Sabado mula 6:30 a.m. hanggang 6:00 p.m. Maaaring tingnan ang mapa ng lugar ng proyekto at mga larawan ng mga gagamiting equipment na nakasaad sa fact sheet na ito.

## Maaaring makipag-ugnayan sa EPA para sa alinmang mga katanungan o hinaing



**Yolanda Sanchez**

Ahensya na Nagprotektka sa Kapaligiran ng U.S. Community Involvement Coordinator

(415) 972-3880

[sanchez.yolanda@epa.gov](mailto:sanchez.yolanda@epa.gov)

*Minamahal ni Yolanda ang kanyang trabahong pakikipag-ugnayan sa publiko sa lahat ng cleanup project ng EPA. Nang matapos niya ang degree sa public health, nagtrabaho siya sa EPA at siya ay sampung taon na rito.*




**Amanda Pease**

Ahensya na Nagprotektka sa Kapaligiran ng U.S. On Scene Coordinator

(415) 301-1503

[pease.amanda@epa.gov](mailto:pease.amanda@epa.gov)

*Kinagigiliwan ni Amanda ang pagsasaayos sa mga cleanup effort ng EPA para suportahan ang mga pamayanan sa kanilang pakikibaka sa kontaminasyon. Nang matapos niya ang kanyang undergraduate engineering degree nagtrabaho siya sa Peace Corps ng maigsiing panahon, pumasok siya sa EPA at siya ay anim na taon na rito.*



**Figure 2:** Espesipikong lokasyon ng lugar ng proyekto sa Factory Street

## Administrative Record

Sa hinaharap, ilalathala ng EPA ang buong rekord administratibo sa website: <https://response.epa.gov/FactoryStreet>. Kalakip sa rekord administratibo ang mga impormasyong ginamit ng EPA para dokumentohan ang kanyang mga desisyon sa clean up.



# Factory Street Site

U.S. Environmental Protection Agency • Region 9 • San Francisco, CA • September 2019

## Huhukayin at tatanggalin ng EPA ang lupa sa Factory Street



Ang mga larawan ng karaniwang makinarya na ginagamit sa ganitong klase ng proyekto para sa paghuhukay at pagsesemento ng kalye.

Printed on 30% Postconsumer  Recycled/Recyclable Paper